Mt. Zion Baptist Missions Philippines – **Sermon Notes**
facebook.com/mzbmp | audio & pdf files: www.sermonaudio.com/mzbmp
website: mzbmp.org | Missionary Bill Hardecker | 09154948573

**Pamagat**: Ang Halimbawa ng Christo

**Bible Text**: 1 Pet. 3:18a "For Christ also hath once suffered for sins, the just for the unjust, that he might bring us to God, being put to death in the flesh, but quickened by the Spirit:"

*Pagsasalin*: Dahil si Cristo man ay minsang nagdusa dahil sa kasalanan. Ang matuwid para sa mga hindi matuwid upang madala niya tayo sa Diyos. Pinatay siya sa laman ngunit binuhay siya sa pamamagitan ng Espiritu.

**Panimula**:

1. Ang halimbawa ni Christo ay minumungkahi ni Pedro bilang isang punto para sa pagpapanatili ng pasensya sa ilalim ng matinding pagsubok.
2. Upang maunawaan natin ang halimbawa ni Christo, at ang ibig sabihin ng mga verses na ito (vv.18-22) ay dapat may alam tayo patungkol kay Christo at ang mga pangyayari ng ark ni Noah at ang larawan ng baptism.

**I. Si Christo**:

1. Si Christo "…ay minsang nagdusa dahil sa kasalanan" (v.18a)
   - A. Si Christo ay nagdusa. (Lk. 23:46; Matt. 27:46; I Cor. 15:3; Jn. 1:29, Heb. 2:9)
   - B. Si Christo ay minsang nagdusa – hindi na siya patay. Wala na siya sa krus. Hindi na maaring ulitin ang kanyang sacrifice. (Heb. 7:27; 9:26, 28; 10:10,12,14)
   - C. Ang kayang pagdurusa at kamatayan ay dahil sa kasalanan at upang tanggalin niya ang kasalanan ng lahat ng sa kanya'y sumasampalataya. Siya ay ang ating kapalit. "Ang matuwid para sa mga hindi matuwid."
   - D. Ang kanyang pagdurusa at kamatayan ay ang nagdala sa atin sa Dios. "upang madala niya tayo sa Diyos." (Eph. 2:13,18; 3:12; Heb. 10:21,22)
2. Si Christo "…Siya ay pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu;" (v.18b)
   - A. Siya ay isang persona na may dalawang kalikasan – Dios at tao.
   - B. Mayroon siyang katawan, kaluluwa, at espiritu. – Siya ngayon ay kumikilos sa espiritu niya.

**II. Si Christo ang Nangangaral sa Pamamagitan ni Noah Noong Kapanahunan ng Baha**:

- A. Ang espiritu ni Christo ay ang nangaral noong kapanahunan ni Noah. (v.19)
- B. Binigyan niya ang mga tao ng babala patungkol sa parating na hatol ng Dios. Hindi sila nakinig, at walong tao lamang ang hindi na sawi ng baha. (v.19-20)
- C. Ang mga namatay sa baha, ay namatay rin sa espiritu at nakulong sila sa impyerno. (v.19)
- D. Ang tubig na naging instrumento ng kamatayan nila ay parehong tubig na nakapagligtas sa walo na pumasok sa arko.
- E. Ang lahat ng ito ay dahil "nang ang Diyos ay matiyagang naghintay" "pagbabata ng Dios."
- F. Ang lahat ng na sa loob ng arko ay hiniwalay ng Dios sa mga tao na na sa labas ng arko.

**III. Ang Muling Pagkabuhay ni Christo at ang Larawan ng Baptism**:

- A. Si Christo ay nabuhay na mag-uli.
- B. Si Christo ay "na umakyat sa langit at nasa kanan ng Diyos, na ipinasakop sa kanya ang mga anghel, ang mga kapamahalaan at ang mga kapangyarihan."
- C. Ang lahat na na kay Christo ay ligtas – tulad ng lahat ng na sa arko.
- D. Ang tubig ng baptism ay humihiwalay sa dating pamumuhay at naglalarawan ng kaligtasan at bagong buhay o lakad sa buhay Christiano.
  - D.1. Ang baptism (at tubig ng baptism) ay hindi nakakapagtanggal ng kasanalan. ("hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman,")
  - D.2. Ang baptism ay tugon ng isang malinis na budhi sa Dios. Ganito tayo inililigtas ng baptism.
  - D.3. Ang baptism ay larawan lamang ng kaligtasan, paghihiwalay, at pagpapahayag na si Christo ay muling nabuhay at tayo rin ay muling mabubuhay dahil sa Kanya.

**Katapusan**:

1. Si Christo ay ang ating halimbawa.
2. Ang mundong ito ay hindi kaibigan ni Christo at lahat ng kanayang mga alagad. (Jn. 15:18)
3. Darating ang hatol ng Dios – gaya ng kapanahunan ni Noah.
4. Ang espiritu ni Christo ang na sa likod ng bawat mangangaral ng Salita ng Dios ngayon.
5. Siguraduhin mo na ikaw ay naka Christo.
6. Masdan natin ang matiyagang pagmamalasakit ng Dios.